

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0013</b>
	<b>Title</b>	<b>Enhancement of the PhilHealth Konsulta Benefit Package</b>


<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
<p><b>1. Ano ang mga pagbabago sa PhilHealth Konsulta (Konsultasyong Sulit at Tama) Benefit package?</b></p>	<p>Ang mga pagbabago sa PhilHealth Konsulta Benefit Package ay ang mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Tinaasan ang capitation o halangang ibabayad sa pasilidad para sa bawat indibidwal na gagamit ng Konsulta nang hindi lalampas sa P 1,700.</li> <li>2. Ang pinataas na capitation rate ay ipinatutupad sa mga publiko at pribadong Konsulta Package Providers (KPPs). Mayroon nga lamang karagdagang co-payment (o halagang babayaran ng miyembro) na hindi lalagpas Php 900 sa mga pribadong KPPs.</li> <li>3. Pagdagdag ng mammogram at ultrasound (breast, upper abdominal at pelvic) sa mga serbiyong kasama sa PhilHealth Konsulta.</li> <li>4. Hindi na kailangan ng Authorization Transaction Code (ATC) bago gumamit ng serbisyo o mag-avail ng PhilHealth Konsulta. Ngunit, kailangang kunan ng litrato ang bawat pasyente or kliyente sa KPP kung saan sila gagamit ng benepisyo.</li> </ol>
<p><b>2. Ano-ano ang mga serbisyong nakapaloob sa Konsulta?</b></p>	<p>Ito ay ang mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Konsultasyon at mga payong pangkalusugan;</li> <li>2. Pagbibigay ng preventive health services;</li> <li>3. Pagtulong sa mga pasyenteng makagamit ng serbisyo sa ibang partner facilities;</li> <li>4. Referral sa ospital kung kinakailangan.</li> </ol> <hr/> <ol style="list-style-type: none"> <li>5. Diagnostic services (15) <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Complete Blood Count (CBC) w/ platelet count</li> <li>b. Lipid profile (Total Cholesterol, HDL and LDL Cholesterol, Triglycerides)</li> <li>c. Fasting Blood Sugar (FBS)</li> <li>d. Oral Glucose Tolerance Test (OGTT)</li> <li>e. Glycosylated Hemoglobin (HbA1c)</li> <li>f. Creatinine</li> <li>g. Chest X-Ray</li> </ol> </li> </ol>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth</b> <b>Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0013</b>
	<b>Title</b>	<b>Enhancement of the PhilHealth Konsulta Benefit Package</b>


Tanong	Sagot
	<ul style="list-style-type: none"> <li>h. Sputum Microscopy</li> <li>i. Electrocardiogram (ECG)</li> <li>j. Mammogram</li> <li>k. Ultrasound (breast, upper abdominal at pelvic)</li> <li>l. Urinalysis</li> <li>m. Pap smear</li> <li>n. Fecalalysis</li> <li>o. Fecal Occult Blood Test</li> </ul>
	<p>6. Medicines (21)</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Amoxicillin</li> <li>b. Co-Amoxiclav</li> <li>c. Nitrofurantoin</li> <li>d. Cotrimoxazole</li> <li>e. Ciprofloxacin</li> <li>f. Clarithromycin</li> <li>g. Oral Rehydration Salts</li> <li>h. Prednisone</li> <li>i. Salbutamol</li> <li>j. Fluticasone + Salmeterol</li> <li>k. Paracetamol</li> <li>l. Simvastatin</li> <li>m. Gliclazide</li> <li>n. Metformin</li> <li>o. Enalapril</li> <li>p. Metoprolol</li> <li>q. Amlodipine</li> <li>r. Hydrochlorothiazide</li> <li>s. Losartan</li> <li>t. Aspi</li> <li>u. Chlorophenamine maleate</li> </ul>
<p><b>3. Sino-sino ang maaaring makagamit ng PhilHealth Konsulta?</b></p>	<p>Lahat ng Filipino ay maaaring makagamit ng PhilHealth Konsulta. Kailangan lamang nilang magparehistro sa isang PhilHealth-accredited KPP para makagamit ng benepisyo.</p> <p>Sa pamamagitan ng pagrehistro sa isang KPP, nalalaman ng mga duktor at health care workers ang mga indibidwal na kanilang aalagaan bilang primary care provider. Ang mga duktor sa KPP ang magsisilbing gabay sa pinakamabisa at abot-kayang serbisyong pangkalusugan, ayon sa pangangailangan ng pasyente.</p>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0013</b>
	<b>Title</b>	<b>Enhancement of the PhilHealth Konsulta Benefit Package</b>


Tanong	Sagot
<p><b>4. Bakit kailangang magparehistro muli sa isang KPP kahit miyembro na ng PhilHealth?</b></p>	<p>Ang pagpaparehistro sa isang KPP ay alinsunod sa itinakda ng Universal Health Care (UHC) Law. Ito ang paraan ng gobyerno upang masiguro na ang bawat Filipino ay mayroong duktur na tutugon sa kanilang pangangailangang pangkalusugan. Sa ganitong paraan, hindi putol-putol ang pangangalaga sa isang miyembro, sapagkat ang KPP na ang mag re-refer sa iba pang health care providers kung kinakailangan.</p>
<p><b>5. Paano magparehistro sa isang KPP?</b></p>	<p>May tatlong (3) paraan sa pagpaparehistro sa Konsulta:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>● Kung may internet access</li> </ul> <p><b>Member-Initiated Registration:</b> Maaaring magparehistro gamit ang iyong PhilHealth Member Portal account. Mag-log in o gumawa ng account sa (<a href="https://memberinquiry.philhealth.gov.ph/member/">https://memberinquiry.philhealth.gov.ph/member/</a>) at i-click ang “Konsulta.” Pumili ng isang (1) Konsulta Package Provider (KPP) kung saan mo nais makagamit ng benepisyo.</p> <p>Siguraduhing updated ang iyong PhilHealth membership information na makikita sa Member Data Record (MDR) sa Portal.</p> <p>Kung walang internet access, maaring magparehistro sa mga sumusunod:</p> <p><b>PhilHealth-Assisted and Initiated Registration:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>○ PhilHealth Local Health Insurance Offices (LHIOs)</li> <li>○ PhilHealth Customer Assistance, Relations and Empowerment Staff (PCARES) sa mga ospital</li> <li>○ PhilHealth Action Center Hotline</li> </ul> <p><b>Third-Party Assisted Registration:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>○ Mga Konsulta Package Providers (KPPs)</li> <li>○ Mga Local Government Units (LGUs)</li> <li>○ Mga ibang ahensya na binigyan ng permiso ng PhilHealth na magsagawa ng third-party assisted registration.</li> </ul>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0013</b>
	<b>Title</b>	<b>Enhancement of the PhilHealth Konsulta Benefit Package</b>

<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
<b>6. Ano ang mga dokumentong kailangang isumite para makapagrehistro?</b>	<p>Walang dokumentong kinakailangan upang makapagparehistro. Ngunit upang mapadali ang pagpaparehistro sa PhilHealth Konsulta, maaaring dalhin ang PhilHealth ID or Membership Data Record o anumang dokumento na nagsasaad ng inyong PhilHealth Identification Number (PIN).</p> <p>Kung wala pang PIN, kayo ay magpatulong sa pinakamalapit na PhilHealth Office upang mabigyan o malaman ang inyong PhilHealth Identification Number.</p> <p>Tingnan ang listahan ito para sa pinakamalapit na opisina ng PhilHealth:  <a href="https://www.philhealth.gov.ph/about_us/map/regional.htm">https://www.philhealth.gov.ph/about_us/map/regional.htm</a></p>
<b>7. Makagagamit ba ng Konsulta kung hindi pa rehistradong miyembro ng PhilHealth?</b>	<p>Kung ang miyembro ay hindi pa rehistrado sa PhilHealth, siya ay dapat munang magpa-rehistro sa PhilHealth. Dito kinakailangan niyang mag sumite ng PhilHealth Member Registration Form (PMRF) sa pinakamalapit na PhilHealth Office.</p> <p>Tingnan ang listahan ito para sa pinakamalapit na opisina ng PhilHealth:  <a href="https://www.philhealth.gov.ph/about_us/map/regional.htm">https://www.philhealth.gov.ph/about_us/map/regional.htm</a></p>
<b>8. Ano ang KPP?</b>	<p>Ang KPP o Konsulta Package Providers ay mga primary care providers na accredited ng PhilHealth para magbigay ng Konsulta Benefit Package.</p>
<b>9. Ano ang tinatawag na catchment population?</b>	<p>Ito ay tumutukoy sa mga tao o grupo ng mga tao sa loob ng isang lugar na siyang magiging responsibilidad ng isang KPP.</p> <p>Ang tinatawag na PhilHealth Konsulta catchment population ay kumakatawan sa lahat ng rehistradong pasyente o kliyente na sakop ng isang pampubliko o pribadong KPP.</p>
<b>10. Ano ang tinatawag na sandbox sites? Bakit kinakailangang baguhin ang kanilang polisiya bago maipatupad</b>	<p>Ang sandbox sites ay tumutukoy sa mga lugar kung saan may mga piling KPPs na naatasang subukan ang ilang inobasyon tulad ng bagong benepisyo o bagong pamamaraan ng pagbabayad sa mga ito. Sa kasalukuyan, ang mga sandboxes na ipinapatupad ng PhilHealth ay pagbabayad sa primary care provider network (PCPN), ang PhilHealth Konsulta+, at ang PhilHealth GAMOT.</p>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0013</b>
	<b>Title</b>	<b>Enhancement of the PhilHealth Konsulta Benefit Package</b>

<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
<b>ang bagong capitation rate?</b>	<p>Ang mga KPPs na kabilang sa mga sandbox sites ay hindi saklaw ng polisiyang ito dahil may ibang polisiya [PhilHealth Circular Nos. 2023-0008 (PCPN Sandbox), 2023-0019 (Konsulta with SDG – Related Benefits) at 2023-0029 (PhilHealth GAMOT)] na kumakatawan sa implementasyon ng sandbox sites.</p> <p>Ang mga polisiyang nabanggit ay kailangang amyendahan upang umangkop sa itinaas na capitation ng PhilHealth Konsulta Benefit Package.</p>
<b>11. Maaari pa rin bang gamitin ang telemedicine sa PhilHealth Konsulta Benefit Package?</b>	<p>Oo, kung ito ay ibibigay ng isang lisensyado at accredited na KPP. Ang mga serbisyo na isinagawa sa pamamagitan ng telemedicine ay kinakailangan mai-record, ma-encode at mai-sumite sa PhilHealth gamit ang PhilHealth certified application softwares upang sila ay mabilang sa performance ng KPP.</p> <p>Ang mga serbisyo o ulat na hindi naisumite sa PhilHealth ay hindi maituturing na performance ng isang KPP.</p>
<b>12. Ano ang mga pagbabago sa serbisyo ng mga KPP?</b>	<p>Ang mga accredited KPP ay inaatasang magbigay ng mga karagdagang serbisyo tulad ng mammogram at ultrasound (breast, upper abdominal at pelvic).</p> <p>Kung walang kakayahan ang isang KPP na maibigay ang mga serbisyong nabanggit, maaari syang makipag-ugnayan sa isang pasilidad na may available services at magkaroon ng isang service level agreement (SLA) sa loob ng tatlong (3) taon.</p> <p>Ayon sa PhilHealth Circular No. 2023-0012, anumang idadagdag na serbisyo ng isang KPP ay kailangan maipalam sa PhilHealth.</p> <p>Para sa mga KPP na may mammogram at ultrasound na, wala nang karagdagang babayaran na accreditation fee.</p>
<b>13. Ano ang Electronic Konsulta Availment Slip (EKAS) at Electronic Prescription Slip (EPRESS)?</b>	<p>Ang EKAS ay isang dokumentong nagpapatunay na may serbisyong naibigay sa isang pasyente.</p> <p>Ang EPRESS naman ang naglalaman ng reseta ng mga gamot ng isang pasyente.</p>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0013</b>
	<b>Title</b>	<b>Enhancement of the PhilHealth Konsulta Benefit Package</b>

Tanong	Sagot
<b>14. Paano kung walang system-generated na EKAS at EPRESS?</b>	Maaaring punan ng KPP ang hard copy (dalawang kopya) ng EKAS at EPRESS. Kailangan itong pirmahan ng pasyente at ang isang kopya ay ibibigay sa pasyente at ang pangalawang kopya ay maiiwan sa KPP.
<b>15. Ano ang tinatawag na Electronic Konsulta (eKonsulta)?</b>	<p>Ang eKonsulta ay isang interim system na ginawa ng PhilHealth na gagamitin sa pagsusumite ng mga reports sa paggamit ng benepisyo.</p> <p>Ang mga resulta ng konsultasyon, laboratory tests, at naibigay na medisina ay kailangang i-encode sa eKonsulta.</p>
<b>16. Kailan dapat magsumite ang mga KPPs ng report sa PhilHealth?</b>	<p>Ang mga reports ay kailangang maisumite bago mag-11:59 ng gabi tuwing ika-pitong araw ng buwan.</p> <p>Anumang ulat na hindi naisumite pagkatapos ng deadline ay mapabilang sa susunod na cycle ng pag-compute ng Statement of Accounts Payable (SAP).</p> <p>Maaaring araw-araw magsumite ng report kung kakayanin ng KPP.</p>
<b>17. Kailan magagamit ang bagong health screening/first patient encounter (FPE) form?</b>	<p>Maglalabas ng anunsyo ang PhilHealth kung maaari nang gamitin ang bagong health screening/first patient encounter (FPE) form.</p> <p>Sa kasalukuyan, pinapayuhan ang mga KPPs na gamitin ang lumang FPE form.</p>
<b>18. Ano ang mangyayari sa mga reports na mayroong kakulangan?</b>	Ang mga ito ay hindi tatanggapin ng system at posibleng hindi mabayaran ng PhilHealth.